Republika ng Pilipinas
TARLAC STATE UNIVERSITY
**PAMANTASANG SENTRO NG WIKANG FILIPINO**
Lungsod ng Tarlac

Tarlac State University
Central Records No. 285
By/Date: SEP 07 2017
8:39

05 Setyembre 2017

Sir/Madam:

Malugod po kayong inaanyayahan ng Pamantasang Sentro ng Wikang Filipino, Tarlac State University na lumahok sa **Panrehiyong Seminar-Workshop 2017** na may temang: **"Pagtugon sa Hamon ng Makabagong Kurikulum sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Perspektibang ASEAN".** Ito ay gaganapin sa 6-7 Oktubre 2017, 8:00 nu – 5:00 nh sa TSU Audio Visual Room, Tarlac State University, Lungsod Tarlac.

Layunin ng Seminar-Workshop na:

1. Mailahad ang mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng wika at panitikan sa kurikulum na K-12 na may perspektibang ASEAN.
2. Maibahagi ang mga estratehiya sa pagtuturo ng sining pantahalan sa pagkukuwento, pagtatalumpati, pagbabalagtasan, sabayang bigkas, reader's theater at dula.
3. Mailahad ang mga konteksto ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo sa wika at panitikan.
4. Magamit na mabisa sa pagtuturo ang mga natutuhang kaalaman at kasanayan tungo sa mas mataas na kalidad ng edukasyon.

Inaanyayahang dumalo sa gawaing ito ang mga superbisor at mga guro sa Filipino sa lahat ng antas: Elementarya, Sekondarya at Tersyarya, mga mag-aaral na BSED/MAED Filipino, mga manunulat, at mananaliksik. Ang halaga ng rehistrasyon ay 1,500.00 para sa seminar kit, pagkain (2 tanghalian at 4 na merienda) at iba pang gugulin ng gawain.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnay kay Dr. Daisy T. Inalvez/Bb. Cathy M. Dela Cruz sa cellphone bilang 09159050172/09156954722 o sa e-mail address cathydelacruz052794@yahoo.com.

Pauna po ang aking taos-pusong pasasalamat. Patuloy nawa kayong pagpalain ng ating Panginoon!

Matapat na sumasainyo,

**DR. DAISY T. INALVEZ**
Tagapangulo, PSWF

Nabatid:

**DR. LEO P. PIAO**
Direktor, Tanggapan ng Pananaliksik ng Unibersidad

**DR. GLENARD T. MADRIAGA**
Pangalawang Pangulo, Pananaliksik at mga Serbisyong Ekstensiyon

Pinagtibay:

**DR. MYRNA Q. MALLARI**
Pangulo